**INTERNATIONAL NAPASA (March 26th, 2024)**

## 1)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADUUIM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa April 3 (Wednesday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***TOKYO VERDY.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 2:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 2)PAGBEBENTA NG RADYO PARA SA PAG-IWAS SA SAKUNA MULA SA HIRATSUKA

平塚市より防災ラジオの販売のお知らせ

Ang Hiratsuka City ay nagbebenta ng ***RADYO PARA SA PAG-IWAS SA SAKUNA*** na nagkakahalaga ng **¥ 2500**, makakapakinig ng iba't-ibang impormasyon tulad ng mga impormasyon sa sakuna at iba pa na awtomatikong naka-konekta sa wireless communication ng administrasyon para sa pag-iwas sa sakuna ng Hiratsuka City. Para sa mga taong nais bumili ay magpatala sa ***RISK MANAGEMENT SECTION (KIKI KANRI KA),*** 4th floor ng main building ng Hiratsuka City Hall. Telephone No. **0463-21-9863 (0463-21-9863).** Ang bilang ng ibebenta ay hanggang 100 units.

## 3)UKOL SA PAGLILIMBAG NG "GUIDE BOOK PARA SA PAG-IWAS SA KALAMIDAD"

「防災ガイドブック」の発行のお知らせ

Ang Hiratsuka City ay naglimbag ng bagong "***DISASTERS PREVENTION GUIDEBOOK".*** Sa librong ito ay ipinapalagay kung sakaling magkaroon ng lindol at tsunami ay ipinapaliwanag ang ukol pamamaraan ng paglikas at panganib ng bawat kalamidad. At nakatala rin dito ang mga check list ng mga stocks para sa kalamidad. Makukuha ang booklet na ito sa Information Window sa 1st Floor ng Hiratsuka City Office, bawat Community Center at iba pa. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***DISASTERS MANAGEMENT DIVISION (SAIGAI TAISAKU KA)***. **Telephone Number 0463-21-9734 ( 0463-21-9734 ).**

## 4)INPORMASYON UKOL SA PAGPAPALAWIG NG DEADLINE NG STARLIGHT MONEY

「スターライトマネー」の期限 延長 のお知らせ

Ang deadline ng paggamit, deadline ng pagcha-charge at deadline ng pagsasauli ng 3% na halagang ginamit sa ***STARLIGHT MONEY*** ay mapapalawaig ng isang taon. Ang deadline sa bagong pagcha-charge ay hanggang sa January 31, ang deadline ng pagsasa-uli ay

hanggang sa February 28 at ang deadline naman sa paggamit ay hanggang sa March 31. Subalit mula sa April 1, ay ay bababa ng hanggang 1% na lamang ang maisasauling halaga. Maging maingat dahil maaaring magkaroon rin ng mga pagbababago sa mga affiliate store. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***SECRETARIAT OFFICE (JIMU KYOKU)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0570-06-0505 ( 0570-06-0505 ).**

## 5)IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

魚直売会のお知らせ

Ang derektang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka na ginaganap tuwing ika-apat ng Biyernes ay pansamantalang mahihinto mula January hanggang March. At ito ay magsisimulang muli sa April 26. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-0146 ( 0463-21-0146 ).**